ı Kagawaran ng mga Serbisyo sa Kalusugan at Pantao ng Estados Unidos

Sentro para sa mga Serbisyong Medicare at Medicaid

Ang programang "Dagdag na Tulong" ng Medicare ay tumutulong sa mga taong may limitadong kita para magbayad ng kanilang mga niresetang gamot

Ang pagtitipid ay hindi nangangahulugang hindi pagkuha ng iyong mga gamot. Kung ikaw ay mayroon limitadong kita at mapagkukunan, ang programang "Dagdag na Tulong" ng Medicare ay mag-aayos nito upang ngayong taon na ito ikaw ay maaring magbabayad ng hindi hihigit sa $2.60 para sa bawa't generic na gamot at $6.50 para sa bawa't brand name na gamot. Tinataya ng Sentro para sa mga Serbisyong Medicare at Medicaid na mahigit sa 2 milyong tao na may Medicare ay maaaring maging karapat-dapat para sa tulong, subali't hindi kasalukuyang nakalista upang magamit ang mga katipirang ito. Binago ng isang bagong batas kung paano binibilang ang iyong kita at mga ari-arian:

- Ang mga polisiya para sa seguro ng buhay ay hindi binibilang bilang mapagkukunan
- Anumang tulong na nakukuha mo mula sa mga kamag-anak, kaibigan, at sa iba para magbayad ng mga gastusin sa sambahayan- gaya ng pagkain, pagkakasangla ng bahay, renta, gas o panggatong para sa pagpapainit, kuryente, tubig at mga buwis sa ari-arian – ay hindi binibilang bilang kita

Maraming Tao ang Karapat-dapat at Hindi Nila Ito Alam

Ang mga pagbabagong naganap noong 2010 ay nagbigay daan para sa mas maraming tao na maging karapat-dapat para sa "Dagdag na Tulong". Kahit na ikaw ay dati nang tinanggihan para sa "Dagdag na Tulong" dahil sa mga lebel ng kita at mapagkukunan, ikaw ay dapat na muling mag-apply. Kung ikaw ay maging karapat-dapat, ikaw ay makakakuha ng tulong sa pagbabayad ng bayarin para sa saklaw ng niresetang gamot ng Medicare, katuwang na pagbabayad, at mga bawasin. Upang maging karapat-dapat, kailangan na ikaw ay kumikita ng mas mababa sa $16,755 bawa't taon (o $22,695 para sa mga mag-asawa). Kahit na ang iyong taunang kita ay mas mataas, maaari ka pa ring makakuha ng mga dagdag na tulong. Ang iyong mga mapagkukunan ay dapat ding limitado sa $13,070 (o $26,120 para sa mag-asawa). Ang mga account sa bangko, stocks, at bonds ay kabilang sa mga mapagkukunan, nguni't hindi ang iyong bahay o sasakyan.

Walang Gastos o Obligasyon para Mag-apply

Madali at libre ang mag-apply para sa "Dagdag na Tulong". Ikaw o isang miyembro ng pamilya, pinagkakatiwalaang tagapayo, o tagapag-alaga ay maaring mag-apply sa internet sa http://www.socialsecurity.gov/prescriptionhelp o tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213 (ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-800-325-0778). Lahat ng impormasyon na iyong ibibigay ay kompidensiyal. Ang mga benepisyaryo ng Medicare ay maaari ring makatanggap ng tulong sa kanilang lokal na komunidad mula sa kanilang Programa ng Tulong para sa Seguro sa Kalusugan ng Estado [State Health Insurance Assistance Program (SHIP)], Lugar ng Ahensya para sa Pagtanda [Area Agencies on Aging (AAA)], ang mga Pagkukunang Sentro para sa Pagtanda at Kapansanan [Aging and Disability Resource Centers (ADRC)] at marami pang mga panliping organisasyon. Pumunta sa www.eldercare.gov para sa impormasyon kung paano makipag-ugnayan sa mga organisasyong ito.

Bumisita sa www.medicare.gov, para sa dagdag na kaalaman tungkol sa saklaw ng niresetang gamot ng Medicare, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat na tumawag sa 1-877-486-2048.

Ang impormasyong ito ay inihanda ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Kalusugan at Pantao ng Estados Unidos (U.S. Department of Health and Human Services).